UNILAB FOUNDATION
CISTEM
PUSHPIN VISUAL SOLUTIONS
Made possible by the generosity of Mr. Benjamin O. Yap





Wow! Ang ganda ng panahon!
Story + Art: Robert Magnuson
Editor: Elbert Or
CISTEM-Science of Us Team: Sabrina Ongkiko Maria Ysrael Blas Darwin Tesion
Expert Consultants: Prof. Sheryl Lyn Monterola Dr. Loi Domingo Dr. Jappy Buensalido
Gusto kong maglaro!
Miss ko na mga kaibigan ko!
Bakit ba hindi ako pinapayagan lumabas?! Wala naman akong sakit!



Nina, kailangan kasing masiguro na ligtas tayong lahat, at mapigilan ang pagkalat ng virus!
Sus! Pagkaliit-liit ng virus, ganun ba talaga kalaking problema yan?
Minsan kasi...
Napapasa ang virus sa ibang tao sa pamamagitan ng body fluids...
ACHOOOOO!
Ngek!
BUNNY
O kaya'y naiiwan ang virus sa mga bagay-bagay na pwedeng mahawakan ng iba.
Anak, pakikuha naman ang cellphone sa bag ko o ...
Okay, Mommy!


Oras na makapasok ang virus sa loob ng katawan, aba'y naku! Peligro!
Naloloko niya ang mga cells ng katawan para papasukin siya.
Kapag nakapasok, bibigyan niya ng bagong instructions ang command center ng cell . . .
. . . upang gumawa ng mga kopya ng sarili niya!


Kumakalat ang mga virus sa katawan, at sinisira ang iba pang cells.
Sakupin ang buong katawan! Sugooood!
Pero hindi lang basta hahayaan ng katawan natin na mangyari ito!
Naglalabas ang katawan natin ng armas! Mga antibodies, na tinitira ang virus bago masakop ang ibang cell . . .
PEW! PEW!
PEW! PEW!
PEW! PEW!
May iba, minamarkahan nila ang virus para makain ng mas malalaking white blood cells ng katawan!
CHOMP!
eep!
Sa ganitong paraan nilalabanan ng katawan ang paglaganap ng virus.
Ganun ba?


E kaya naman palang labanan ng katawan ang virus, bakit pinagbabawal pa rin ako lumabas ng bahay?
Bago kasi itong virus na kumakalat ngayon. Hindi pa malakas ang depensa ng katawan laban dito.
COVID19
May mga tao rin na mas mahina ang katawan at mahihirapang sugpuin ang virus, tulad nina lolo't lola.
Hi, huwag kalimutan maghugas ng kamay at magsuot ng mask!
Tulad ng antibodies at white blood cells sa loob ng katawan natin, marami rin tayong mga bayani sa iba't ibang lugar na lumalaban at nakikipagtulungan para talunin ang virus!


Ang iba sa kanila ay nananaliksik at naghahanap ng gamot laban sa virus na ito.
Kaya habang nasa labas sila't nakikipaglaban sa virus, kailangan nila tayo na manatiling ligtas at walang sakit?
Ayan, Nage-gets mo na!
Ang pinaka-siguradong paraan upang maging ligtas ay manatili sa bahay. Malaking ambag na ito laban sa virus!
Sige dito na lang ako. Laro na lang tayo!
Ito ang tulong ko!
Ikaw rin ba?

Print edition produced and spearheaded by

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

DRRMS
STRENGTHENING RESILIENCE

With thanks to

UNILAB FOUNDATION

CiSTEM
Center for Integrated STEM Education, Inc.

PUSHPIN
VISUAL SOLUTIONS

Made possible by the generosity
of Mr. Benjamin O. Yap